



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

SULTAN ABDUL HAMID KHAN

Esselamu Aleyküim ve Rahmetullah
Eûzübillâhimine 'ş-şeytâni 'r-racim Bismillâhirrahmânirrahim.
Vesselatu Vesselamu ala Resuluna Muhammedin Seyyidel evvelin vel ahirin.
Medet Ya Resulullah, Medet ya Sadat-ı Ashab-ı Resulullah, Medet ya
Meşayihina, Şeyh Abdullah Dağistani,
Şeyh Muhammed Nazım el Hakkani, destur.
Tarikatun es sohbe vel hayru fi cemiyya.

Ano nga ba ang sinabi ng ating mga ninuno? “Gumawa ka ng mabuti at itapon sa dagat, kung hindi alam ng isda, malalaman ng Allah.” Gusto ng ating mga ninuno ang pag gawa ng kabutihan. Ang ibig sabihin nito ay pag di natin alam ang kahalagahan ng isang magandang gawain ay alam ito ng Allah. Paminsan tayo ay di nagpapasalamat sa kabutihan. Tayo ay lumayo sa pagtiwalag sa daang matuwid.

Sinasabi natin sa kadahilanang: Ika-98th anibersaryo ng pagkamatay ng Sultan AbdulHamid Khan Rahmatullahi Alayhi kahapon o kamakailan. Siya ay namatay noong 1918. Akala ng mga taga-Europe na patapos na ang Ottoman, ngunit siya ang nagpalakas dito. Tinanggal ng Union and Progress ang mga Sultan. Ang mga Sultan ay may lakas ng isang Awliya o Kaibigan ng Allah, si Sultan AbdulHamid Khad ay may lakas ng 7 awliya. Binabasa sa Khutba ang kanyang pangalan hanggang ngayon.

Binabanggit nila ang kanyang pangalan sa mga lugar kung san siya bumisita katulad ng dulo ng Africa. Mayroong din masama ang tingin sa kanya at gusto siyang sirain at ang Ottoman Empire.

Ang mga tao ay may pag-iisip. Tinawag nilang mabuti si Sultan Abdul Hamid. Ang Union at Progress ay walang nagawang kabutihan dahil masama silang tao. Sila ay mga kaibigan ng Shaytan. Katulad ng aming sinabi, pinakita ng Allah ang realidad ng Sultan. Walang di naniniwala sa Sultan AbdulHamid. Kahit ang masamsamang tao ay binibigyan siya ng karapatdapat ng pagkilala. Masiyahan nawa ang Allah sa mga Sultan na ito dahil kuntento tayo sa kanilang nagawa. Tayo ay nagdadasal na paratingan sila ng awa ng Allah at mapunta sa Jannah.

Bibigyan ng Allah ng karapatdapat na parusa ang mga kaaway ng Islam. Di tayo masaya sa kanilang nagawa. Patnubayan tayo nawa ng Allah kasama ang mga mabubuting tao dahil ang pag gawa ng mabuti ay mahirap. Ninanais ng karamihang tao ang pag gawa ng masama. Kailangan natin magpasalamat sa Allah. Bigyan tayo nawa ng Allah ng mabubuting Pinuno In Sha Allah.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil

14 February 2016/5 Jumada al-Awwal 1437

Sabah Namaz, Akbaba Dargah